Australian Government

Department of Home Affairs

# Privacy notice

## Pahayag sa pagkapribado

Form
1442i TAG
TAGALOG

Kasali sa Department of Home Affairs (Kagawaran ng Ugnayang Panloob (ang Kagawaran) ang Australian Border Force (Lakas sa Hangganang Australyano). Ang *Privacy Act 1988* (*Ang Batas ng Pagkapribado ng 1988*) ay nag-uutos sa Kagawaran na mapasabihan ang indibidwal tungkol sa ilang mga bagay kapag ito ay nangangalap ng mga impormasyon tungkol sa kanila. Ang pormang ito ang iyong pahayag sa mga bagay na ito.

## Ano ang personal na impormasyon?

Ang Batas ng Pagkapribado ay nagsasabi na ang impormasyong personal ay ang impormasyon o opinyon na malamang na magpapakilala sa isang tao.

Ang Kagawaran ay nangongolekta rin ng ilang sensitibong personal na impormasyon, na nakasaad sa ilalim ng Batas ng Pagkapribado at kabilang sa impormasyon ang tungkol sa lahi o etnikong pinagmulan ng indibidwal, sekswal na kinahihiligan o mga kaugalian, mga kriminal na rekord, impormasyon sa kalusugan at biometrik, pagkamiyembro sa propesyonal o pantrabahong samahan, mga panrelihiyong paniniwala o kinasasaniban, mga paniniwalang pangpilosopika, at pagkamiyembro sa mga samahang pangpulitika.

Ang pinakapangunahing mga batas na pinamamahalaan ng Kagawaran ay ang *Migration Act 1958* (the Migration Act) (*Batas sa Migrasyon ng 1958* (ang Batas sa Migrasyon)), ang *Customs Act 1901* (the Customs Act) (*Batas sa Adwana ng 1901*) (Batas sa Adwana), *Immigration* (*Guardianship of Children*) *Act 1946* (the IGOC Act) (ang *Batas ng Imigrasyon 1946* (Pangangalaga sa Mga Bata) (ang Batas na IGOC)) ang *Excise Act 1901* (the Excise Act) (ang Batas sa Kinkaltas na Buwis 1901 (Batas sa Kinkaltas na Buwis)), ang *Australian Border Force Act 2015* (the Border Force Act) (*Batas 2015 ng Lakas Hangganan ng Australya* (ang Batas ng lakas Hangganan)), ang *Maritime Powers Act 2013* (Maritime Powers Act) (*Batas 2013 ng Kapangyarihang Maritima* (Batas ng Kapangyarihang Maritima)), at ang *Australian Citizenship Act 2007* (the Citizenship Act) (*ang Batas sa Pagkamamayang Australyano ng 2007* (ang Batas sa Pagkamamayan)).

## Mga Nagtutukoy sa Mismong Tao

Kasama sa mga Batas ng migrasyon at Pagkamamamayan (The Migration and Citizenship Acts) ang mga natatanging probisyon tungkol sa pangungolekta, paggamit at paglalahad ng inyong personal na impormasyon, kasama na ang mga "biometrics" na kilala rin bilang 'personal identifiers' (mga nagtutukoy sa mismong tao).

Ang mga Batas ay nagtatakda sa mga "personal identifiers" (nagtutukoy sa mismong tao) na kabilang ang:

- "fingerprints" o "handprints" (mga marka mula sa daliri o kamay)
- larawan ng mukha at mga balikat
- "audio" o "video" recording (napapakinggan o nakikitang pag-uulat) - para magamit sang-ayon sa Batas sa Migrasyon lamang at may limitadong iba pang maaaring paggagamitan
- sukat ng tangkad at timbang
- larawan sa tau-tauhan ng mata (iris)
- pirma ng tao, o
- iba pang mapagtutukuyan na nakalagay sa mga reglamento.

Ang impormasyong biometric (nagtutukoy sa mismong tao) ay maaaring kolektahin at beripikahin sa mga idibidwal:

- sa mga paliparan kung nagbibiyahe
- sa mga nag-aaplay ng visa(kabilang ang aplikante ng pang-proteksyong visa)
- na hindi mga mamamayan ng komunidad ng Australya
- na mga taong detinido ng migrasyon
- na mga aplikante ng pagkamamamayang Australyano.

## Ano ang ginagawa ng Kagawaran at ang aming detalye ng matatawagan

Ang misyon ng Kagawaran ay protektahan ang hangganan ng Australya at pangasiwaan ang daloy ng tao at mga gamit sa pagtawid sa pagdudulot at pagtitiyak ng:

- hinaharap ng Australya sa pamamagitan ng pinangasiwaang migrasyon
- pandaigdig na proteksyon ng mga refugee at kontribusyon sa pangmakataong polisiya
- seguridad ng Australya sa pamamagitan ng pangangasiwa ng hangganan at pagpapaalwan sa nagbibiyahe
- pangongolekta ng kita sa hangganan at pantrabahong mga istadistika
- pagpapaalwan ng lehitimong kalakal
- seguridad pangmaritima ng Australya at mga interes na pangkomersyo
- pagtupad sa mga batas pang-imigrasyon ng Australya at integridad sa pagdidesisyon
- pamamahala ng mga batas sa pagkamamamayang Australyano.

Ang buong detalye ng matatawagan ay makikita sa "website" ng Kagawaran sa **www.homeaffairs.gov.au**

Kung inaakala niyo na kami ay nagkamali sa pangungolekta o paghahawak ng iyong impormasyon, maaari po kayong:

- kumpletuhin ang isang "online feedback form" (porma ng pagkomento sa internet) sa **www.homeaffairs.gov.au/feedback**
- sumulat sa:
  The Manager
  Global Feedback Unit
  GPO Box 241
  Melbourne VIC 3001
  Australia

## Saan kokolektahin ng Kagawaran ang inyong personal na impormasyon

Sa pangkalahatan, ang Kagawaran (o mga nakakontratang magbibigay serbisyo) ay mangangalap ng iyong personal na impormasyon mula mismo sa iyo, ibang taong binagyan niyo ng kapangyarihang kumilos para sa iyo o isang sistema ng pagbibigay ng kapangyarihan ayon sa Batas sa Migrasyon. Kasama sa mga sistema ng pagbibigay ng kapangyarihan ang Smart Gate at mga sistema ng otomatikong "border clearance." Maaari rin kaming mangalap ng iyong impormasyon mula sa mga ibang pagkukunan, na maaaring kabilang ang mga ahensiya ng Pamahalaang Australyano,mga ahensiya ng pagpapatupad sa batas, mga pamahalaang dayuhan, mga nag-isponsor, mga manggagamot, mga samahang iyong binanggit, mga naglilingkod sa edukasyon, mga taga-empleyo at mga miyembro ng publiko na tumawag sa Kagawaran upang magbigay ng impormasyon, katulad ng 'dob-in calls' (mga pagsusumbong).

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

### Ang mga ahensiya o nakakontratang gumagawa ng mga serbisyong pang-imigrasyon

Ilang mga impormasyong personal ay kinukolekta at ginagamit para sa amin ng ilang ahensiyang autorisadong magsasagawa ng ilang gawain ng Kagawaran.

Ang impormasyong personal ay kinukolekta at ginagamit din ng mga kontratista namin. Kabilang sa mga halimbawa ang maagang pagkaproseso ng pasahero (advanced passenger processing) sa mga kompanya ng eroplano para sa palabas o papasok na mga pagbibiyahe sa eroplano, mga sistema ng kompyuter, mga pagsasaliksik na sarbeys/ pagtatanong, mga serbisyong pansuporta sa mga detinado ng imigrasyon at mga serbisyong pangmedikal.

Kinakailangan din ng Kagawaran na ang mga kontratista nito ay nagpapatupad sa Batas ng Pagkapribado, maging saan man sila nakapwesto sa loob o labas ng Australya.

## Pangangalap ng inyong impormasyong personal na kinakailangan o pinahihintulutan ng batas

Ang Batas sa Migrasyon, ang IGOC Act, ang Customs Act, ang Excise Act, ang Maritime Powers Act, ang Batas sa Pagkamamamayan at ang Batas sa Pagkapribado ay nagpapahintulot, at sa ilang pagkakataon ay nagbibilin sa Kagawaran na mangolekta ng mga natatanging impormasyong personal kaugnay sa pagpapatupad ng mga Batas.

### Ang Batas sa Migrasyon

Kaugnay sa mga pag-aplay ng "visa", ang Kagawaran ay:

- pinahintulutang mangulekta ng impormasyong kaugnay sa aplikasyon (tignan ang seksyon 56 ng Batas sa Migrasyon), at
- maaaring kakailanganin kayong magbigay ng isang "personal identifier" (nagtutukoy sa mismong tao) (tingnan ang mga seksyon 40 at 46 sa Batas sa Migrasyon).

Ang mga aplikante para sa visa, at ilang may-hawak ng visa, ay kailangang magpasabi sa Kagawaran kung may nagbago sa buhay o maling impormasyon na nailagay sa porma (mga seksyon 104 at 105 ng Batas sa Migrasyon).

Ang Kagawaran ay maaaring kailanganin kang magbigay ng isa o higit pang mga 'personal identifier' para sa mga pakay ng Migration Act at ng Migration Regulations 1994.

Kung pumapasok sa Australya, hihingan kayo ng Kagawaran na magbigay ng ilang natatanging impormasyong personal (halimbawa: pasaporte para sa mga mamamayan at katunayan ng pagkakilanlan at visa sa mga hindi mamamayan). Kung ikaw ay hindi mamamayan at ang kinakailangang ebidesya ay hindi naibigay, hindi kayo makakapasok sa Australya (tingnan ang seksyon 257A ng Batas sa Migrasyon).

Kung papaalis ng Australya, ang Kagawaran ay maaaring mangailangan sa iyo na magbigay ng mga natatanging personal na pagkakatukuyan (tingnan ang seksyon 257A ng Batas sa Migrasyon).

Upang makilala ang mga labag sa batas na hindi mamamayan, ang Kagawaran ay maaaring mangangailangan ng:

- ebidensya ng pagkakakilanlan at katayuan sa visa, kasama na ang isang personal na pagkakatukuyan (tingnan ang mga seksyon 188 ng Batas sa Migrasyon)
- isang tao na magbibigay ng mga dokumento o impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan o kinaroroonan ng isang tao na pinaghihinalaang labag sa batas na hindi mamamayan (tingnan ang seksyon 18 ng Batas sa Migrasyon).

Ang taong nasa kulungang pang-imigrasyon ay dapat magbigay ng mga 'personal identifier' (tingnan ang mga seksyon 258 at 261AA(1) ng Migration Act at regulasyong 3.30 ng Migration Regulations).

Sa katayuan ng mga nag-iisponsor na pangkomersyo, at ang Fair Work Ombudsman (FWO) (Ombudsman sa Pagtatrabaho (FWO)) ay maaaring mangolekta ng impormasyong personal sang-ayon sa kapangyarihan ng pagsusuri na nakalahad sa pang-ilalim na sangay F ng Sangay 3A sa Bahaging 2 ng Batas sa Migrasyon.

Para sa mga layunin ng kapangyarihang manghalughug ayon sa seksyon 252 ng Batas sa Migrasyon, maaaring kunin ng isang awtorisadong opisyal ang isang dokumento o iba pang bagay na matatagpuan sa isang tao o sa loob ng isang pag-aari ng isang tao, halimbawa, na maaaring gamiting ebidensya sa pagkakansela ng visa ng nasabing tao.

Maaaring samsamin ng isang opisyal ang isang huwad na dokumento na kanselado (forfeited) bilang parusa (tingnan ang seksyion 487ZJ, at Sangay 1 ng Bahaging 9 sa Batas ng Migrasyon, kabilang na ang kung ano ang gagawin sa dokumento).

### Ang Batas sa Pagkamamamayan

Ang Kagawaran ay maaaring mangulekta ng ibat-ibang impormasyong personal upang matiyak na ang isang tao ay nakasasagot sa mga pangangailangan sa pagkamamamayan.

Kami ay pinahintulutang humingi ng mga nagtutukoy sa mismong tao tungkol sa mga aplikasyon sa pagkamamamayan, at ang isang aplikasyon ay maaaring hindi mapapayagan kung ang tagapag-desisyon ay hindi nasiyahan sa inyong pagkakakilanlan (tingnan ang Sangay 5 ng Bahaging 2 at tingnan ang mga seksyon 17(3), 19D(4), 24(3), at 30(3) ng Batas sa Pagkamamamayan).

Maaaring samsamin ng isang delegado ang isang huwad na dokumento na kanselado (forfeited) bilang parusa (tingnan ang seksyion 45B, at Sangay 1 ng Bahaging 3 sa Batas ng Pagkamamamayan, kabilang na ang kung ano ang gagawin sa dokumento).

### Ang Batas na IGOC

Sa ilalim ng *Immigration* (*Guardianship of Children*) *Act 1946* (the IGOC Act) (*Imigrasyon* (*Pangangalaga sa mga Bata*) *Batas ng 1946* (ang Batas IGOC)) at ang mga regulasyon nito, ang Ministro ng Imigrasyon ay ang tagapag-alaga (guardian) ng ilang walang kasama sa biyahe na hindi mamamayang menor ang edad na dumating sa Australia na hindi kasama ng isang magulang o kamag-anak na edad 21 o higit pa (kilala bilang isang IGOC minor).

Para makatulong sa pagtupad ng mga katungkulan sa 'guardianship', pinapayagan ng Batas ng IGOC ang Ministro na ipagpasakatawan ang kanyang kapangyarihan at mga gawain na 'guardianship' sa mga opisyal ng mga pahamalaang Komonwelt o estado o teritoryo (tawag ay bilang 'delegated guardians'). Ang mga taong kusang loob na pumapayag at nababagay o mga samahan ay maaari ding ihirang bilang 'custodians' ng IGOC minors. Sa pangkalahatang termino, ang isang custodian ay may karapatan at katungkulang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pag-araw-araw na pangangalaga at kontrol sa isang bata na nasa kanyang sakop.

Para matiyak ang pang-araw-araw na pangangalaga at kabutihan ng bata sa ilalim ng Batas IGOC, ang Kagawaran ay nangongolekta ng personal na impormasyon tungkol sa mga IGOC minor at ng kanilang mga 'custodian'. Para matiyak ang pang-araw-araw na pangangalaga at kabutihan sa mga pangangailangan ng mga IGOC minor ay natupad , kung kinakailangan at naaangkop sa Batas ng Pagkapribado, maaaring ibunyag ng Kagawaran ang personal na impormasyon sa, at mangolekta ng impormasyon mula sa:

- mga awtoridad ng estado/teritoryo, pati na mga ahensyang pangkabutihan para sa mga bata
- mga kinatawang 'guardian'
- mga custodian
- mga magulang, tagapag-alaga at/ o mga kamag-anak at /o
- iba pang mga ahensyang Australyano.


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

### Ang Customs Act at ang Excise Act

Ang Kagawaran ay awtorisadong mangalap ng hanay ng personal at pangnegosyong impormasyon sa pangangasiwa ng Customs at Excise Acts at iba pang may kaugnayang mga batas ng Australya (kabilang ang Batas ng Migrasyon at pambuwis na batas). Bukod natatangi na kinokolekta ng Kagawaran ang impormasyong ito para sa pagpoprotekta ng mga hangganan ng Australya at matiyak ang pangongolekta ng kitain sa hangganan.

Sa ibang mga kaso, ang aming mga 'form' na nangongolekta ng personal na impormasyong galing sa iyo na ayon sa mga bagay na may kinalaman sa ilalim ng mga Batas ng Customs at Excise at batas pangbuwis ay maaari ding magkaroon ng naiibang mga paunawa sa pagbabayad. Itong mga 'form' na ito ay magbibigay din sa iyo ng tanging impormasyon tungkol sa pangongolekta, paggamit at pagbubunyag ng nakolektang personal na impormasyong nakalap sa dokumentasyon at dapat na basahin kaagapay nitong paunawa sa pagkapribado.

Halimbawa, sa ilalim ng mga seksyon 64ACA at 64ACB ng Batas ng Customs (Customs Act), ang Kagawaran ay kinakailangang mangolekta ng ilang personal na impormasyon tungkol sa mga pasahero at tripulante ng mga barko at eroplanong dumarating sa Australya, para sa mga pakay ng pangangasiwa ng Batas ng Customs (Customs Act), Batas ng Migrasyon (Migration Act) at iba pang mga batas.

### Ang Batas ng Mga Kapangyarihang Maritima (Maritime Powers Act)

Ang Kagawaran ay pinahintulutang mangolekta ng personal na impormasyon sa pagsasagawa ng mga kapangyarihang maritima ng mga tagapagpasunod na ahensyang pandagat (on-water enforcement agencies). Ang mga kapangyarihan ay tumutulong sa pagpapasunod ng may-kaugnayang mga batas pang-maritima ng Australya, kabilang ang may kinalaman sa hindi-legal na pangingisda ng dayuhan, customs, pangmaritimang pangkontra-terorismo, migrasyon, kwarantina at pagtatrapiko ng droga, pati na ang pang-internasyonal na mga kasunduan at mga kaaregluhan sa dagat.

### Ang Batas sa Pagkapribado

Ang Batas ng Pagkapribado ay nagbibigay permiso sa pangungolekta ng:

- sensitibong impormasyon na siyang pinahintulutan ng batas o kaugnay sa mga gawain sa pagpapatupad ng batas, o kapag pinapayagan niyo
- iba pang impormasyong personal kung talagang napakamahalaga para o direktang kaugnay sa isa o mas marami pang gawain o aktibidades ng Kagawaran.

### Mga Batas na ang Kagawaran ay nagiging isang ahensya ng tagapagpasunod ng batas

Ang Kagawaran ay isang ahensya ng tagapagpasunod ng batas para sa ilang mga pakay sa ilalim ng mga sumusunod na Batas: ang *Crimes Act 1914*, ang *Criminal Code Act 1995*, ang *Australian Nuclear Science and Technology Organisation Act 1987* (ang ANSTO Act) at ang *Independent National Security Legislation Monitor Act 2010*) (*Batas mga Krimen 1914, ang Batas ng Koda ng Kriminal 1995 ang Batas ng Organisasyong Pangsiyensyang Nyukliar at Teknolohiya ng Australya ng 1987* (ang ANSTO Act) *at Batas ng Pambansang Pagmamatyag sa Lihislasyong Seguridad ng 2010*) at maaaring mangolekta ng personal na impormasyon para maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin at gawain ayon sa ilalim ng mga Batas na yaon.

## Ang layunin ng pangongolekta ng impormasyong personal

Ang aming pangunahing layunin sa pangungolekta ng impormasyong personal ay upang maipatupad ang mga gawain o aktibidades ng Kagawaran na may kaugnayan sa iyong patutunguhan sa imigrasyon at/o daanang patungo sa pagkamamamayan, at ang pagtawid ng mga bagay sa hangganan. Kami ay namamahala sa mga sumusunod na programa:

- visa at migrasyon
- mga bayaran sa adwana at kinakaltas kabilang ang pangangasiwa ng ilang iba pang mga batas ng Australya kasama ang pagbubuwis, pangkalusugan, kwarantina, pangkalakal, kriminal, ari-ariang pang intelektwal at mga batas na pamprotekta sa komunidad
- tulong pang-refugee at pantao
- pamamahala sa hangganan
- pagpapatupad ng visa at pagresolba ng katayuan sa imigrasyon
- pagkadetenido sa imigrasyon, pagpapaalis o paglilipat sa Regional Processing Centre (Sentro ng Pagpoproseso sa Rehiyon) (kabilang ang mga nagbibigay serbisyo at mga dayuhang awtoridad sa pagsuporta ng pagpoproseso sa labas ng bansa, katulad ng pagpapatupad ng batas, pagbibigay ng mga serbisyong pangkapakanan at tirahan)
- pagkamamamayan.

Ang impormasyong ilalagay niyo sa isang visa, pagiisponsor, pangtrabaho, pag-aangkat at pagluluwas, kwarantina,o aplikasyon sa pagkamamamayan ay gagamitin para sa pangunahing layunin.

Ayon sa Batas ng Pagkapribado, ang impormasyon ay maaari ring magamit sa pangalawang layunin. Sa pangkalahatan dito niyo maaasahan ang Kagawaran na gamitin at ilabas ang iyong impormasyong personal at ang ikalawang layunin ay diretsong may kaugnayan sa unang layunin (para sa sensitibong impormasyon) o kaugnay sa unang layunin (para sa ibang impormasyong personal). Bilang halimbawa, ang impormasyon na ibinigay niyo sa isang aplikasyon para sa visa ay maaaring gamitin tungkol sa iyong susunod na mga aplikasyon (kabilang ang sa ilalim ng *Freedom of Information Act 1982* (*Batas sa Kalayaan ng Impormasyon 1982*) at Batas ng Pagkapribado). Gayundin, maaari naming gamitin ang mga elektronikong detalye niyo upang makontak kayo tungkol sa mga usapin ng migrasyon.

## Ang mga mangyayari kung ang iyong personal na impormasyon ay hindi makolekta ng Kagawaran

Kung ang iyong impormasyong personal ay hindi nakolekta, hindi maipoproseso ng Kagawaran ang inyong aplikasyon sa "visa" o pagkamamamayan o (kung may kaugnayan) mabibigyan ng pangtrabaho, pag-aangkat , pagluluwas at kwarantina na mga serbisyong pangsuporta para sa iyo.

Ang di- pangungolekta sa inyong impormasyon ay makakapigil sa kakayahan ng Kagawaran upang maipatupad ang mga obligasyong pang-estatuturya (partikular na may kinalaman sa pagpapatupad), ang katungkulan nitong pag-aalaga, o ang mga pandaigdigang pananagutan ng Australya.

## Ang karaniwang paglalahad ng iyong impormasyong personal sa ikatlong mga partido

### Paglalahad sa mga hinirang na kinatawan

Kung may hinirang kayong kinatawan katulad ng isang kapamilya, ahente sa migrasyon, tagapamagitan sa adwana (customs broker), ahente sa pagbiyahe or kompanya ng eroplano, Tanodbayan, Miyembro ng Parliyamento o abogado, ang iyong impormasyong personal ay maaaring mailalahad sa mga partidong ito liban lamang kung may pakiusap kayo sa amin na huwag naming gagawin ito.

Ang inyong impormasyong personal ay maaaring mailalahad sa iyong inisponsorang tao o ang nagisponsor sa iyo.

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

## Mga karaniwang paglalahad sa ibang mga Ahensiya ng Pamahalaan

Ang Kagawaran sa ilang sitwasyon, ay pinahintulutan o pinayagan sa ilalim ng Border Force Act o iba pang lehislasyon na maglahad ng impormasyong personal sa ibang ahensiya ng pamahalaan gaya ng para sa pamamahala ng kanyang gawain at aktibidades o para matulungan ang ibang ahensya sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain. Kabilang sa mga halimbawa ay ang paglalahad upang matiyak kung sino kayo, kung totoo ang mga dokumentong ibinigay niyo, ikumpara ang mga datos o pangasiwaan ang pagsunod sa mga obligasyon.

Kabilang at hindi lamang limitado sa mga ahensiya ng pamahalaan na ibinabahagi namin ang impormasyon sa:

- Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao (DHS), upang pangasiwaan ang *Social Security Act 1991* (*Batas ng Seguridad sa Lipunan ng 1991*) ang *Child Support* (*Assessment*) *Act 1989* (*Batas ng Child Support* (*Pagtatasa*) *1989*) at *Child Support* (*Registration and Collection*) *Act 1988* (*Pangsuporta sa Bata* (*Parehistro at Koleksyon na Batas 1988*))
- Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services)
- Kagawaran ng Agrikultura, para pamahalaan ang sistema sa biosecurity ng Australya at pangangasiwa ng *Quarantine Act 1908* (*Batas Kwarantina 1908*), *Export Control Act 1982* (*Kontrol sa Pagluluwas 1982*) at *Imported Food Control Act 1992* (*Kontrol sa Inangkat na Pagkain 1992*)
- Pamamahala ng mga Bagay na Nakakagamot (Therapeutic Goods Administration)
- Kagawaran ng Industriya, Pagbabago at Agham (Department of Industry, Innovation and Science)
- Australian Sports Anti-Doping Authority (Awtoridad sa Bawal Paggamit ng Droga sa Isport na Australya) para sa pamamahala ng National Anti-Doping Scheme (Pambansang Sistema sa Bawal Paggamit ng Droga)
- Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) upang pangasiwaan ang Mga Serbisyo para sa *Education Services for Overseas Students Act 2000* (*Batas sa Mga Serbisyong Pang-edukasyon ng mga Estudyante mula sa Ibayong-dagat 2000*)
- Kagawaran ng Trabaho, Mga Kasanayan, Negosyong Maliit at ng Pamilya (Department of Employment, Skills, Small and Family Business) na pagtugmain ang mga impormasyon at datos tungkol sa trabaho
- Kagawaran ng Mga Gawain ng mga Beterano (Department of Veterans' Affairs) upang pangasiwaan ang *Veterans' Entitlements Act 1986* (*Batas sa mga Benepisyo ng mga Beterano ng 1986*)
- Tanggapan sa Pagbubuwis ng Australya (Australian Taxation Office) (ATO), upang pangasiwaan ang *Income Tax Assessment Act 1997* (*Batas sa Pagtatasa ng Buwis sa Kinita ng 1997*) at iba pang batas sa pagbubuwis
- Fair Work Ombudsman (FWO), para pangasiwaan ang *Fair Work Act 2009* (*Batas ng Pagkaparehas sa Trabaho 2009*)
- Ang Kagawaran ng Ugnayang Pandayuhan at Kalakalan (Department of Foreign Affairs and Trade) (DFAT), upang pangasiwaan ang *Australian Passport Act 2005* (*Batas sa Pasaporteng Australyano ng 2005*) at makuha ang impormasyon tungkol sa bansa para sa pagpoproseso ng visa at sa bagay na may kinalaman sa anumang dayuhang pasaporte na may karapatan kang humawak bilang dalawahang mamamayan (national)
- Komisyonado sa Halalan ng Australya (Australian Electoral Commission), upang pangasiwaan ang *Commonwealth Electoral Act 1918* (*Batas sa Halalan ng Komonwelt ng 1918*).

## Mga ahensiya sa Pagrepaso, Pagtutuos ng Kwenta at Pag-iimbestiga

Kung kayo ay humingi ng pagrerepaso dahil karapat-dapat o naaayon sa batas (merit o judicial review) sa isang desisyon, ang Kagawaran ay magbibigay ng mga mahahalagang impormasyong personal sa tribunal o korte na gumagawa ng pagrerepaso.

Kami ay nakikipagbahagi ng impormasyon sa mga ahensiyang nagsisiyasat katulad ng:

- Ombudsman ng Komonwelt (Commonwealth Ombudsman)
- Tanggapan ng Komisyonado ng Impormasyon sa Australya (Office of the Australian Information Commissioner)
- Pambansang Pagtutuos ng Kwenta sa Australya (Australian National Audit Office)
- Komisyon ng Karapatang Pantao sa Australya (Australian Human Rights Commission)
- Tanodbayan sa Makatarungang Pagtatrabaho (Fair Work Ombudsman).

## Mga dagliang pangangailangan at pagpapatupad ng batas

Ang iyong personal na impormasyon ay maaaring ibigay sa mga ahensiyang nagpapatupad ng batas sa Australya o mga pang-dagliang pangangailangang serbisyo kung may emerhensiya, malalang pagkasugat o pagkamatay.

Ang Kagawaran ay maglalahad din ng impormasyon sa mga (Komonwelt, estado at teritoryo) at pandayuhang mga ahensya o samahang tagapagpasunod na kung kinakailangan para sa isang aktibidad na may kinalaman sa pagpapatupad, kabilang ang paghahadlang, pagtitiktik, imbestigasyon at prosekusyon o pagpaparusa ng isang kriminal na kasalanan.

## Mga programang pansuporta

Ang impormasyong nakalap sa pagpoproseso ng visa ay maaaring mailahad sa:

- Kagawaran ng Serbisyo sa Lipunan (Department of Social Services) upang makapagbigay ng suporta sa paninirahan
- Kagawaran ng Industriya, Pagbabago at Agham (Department of Industry Innovation and Science) upang makatulong at masubaybayan ang pagsasanay sa wikang Ingles.

## Paglalahad sa mga may-kapangyarihan na nagbibigay ng mga lisensya

Kung kayo ay nag-aplay para sa isang lisensya sa Australya, ang Kagawaran ay maaaring maglahad sa mga kaugnay na may kapangyarihan ang impormasyon tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon at karapatan sa pagtatrabaho, at sa ilang pagkakataon kahit na kayo ay isang mamamayang Australyano. Ang impormasyong ito ay gagamitin sa pagtatasa kung kayo ay karapat-dapat na mabigyan ng lisensiya. Mayroon ding tanging mga paglalahad na maaaring gawin kung mag-aaplay kayo ng tanging mga lisensya sa ilalim ng Batas Adwana (Customs Act).

## Pinahintulutang paglalahad ng impormasyong personal

Ang nagtutukoy sa mismong tao (personal identifier) ay binigyang kahulugan sa pahina 1.

Ang Kagawaran ay may kapangyarihan sang-ayon sa Bahaging 4A ng Batas sa Migrasyon at s43 sa Batas sa Pagkamamamayan upang ilalahad ang personal na pagkakilanlan sa ibat-ibang sitwasyon. Kabilang sa mga halimbawa ang:

- upang matiyak ang pagkamamamayan o katayuan ng visa
- para sa pagpapatupad sa batas laban sa kriminalidad
- pamamahagi ng impormasyon ng pagkakilanlan sang-ayon sa pinagkasunduan sa isang ahensiya ng Pamahalaang Australyano
- pagkakaroon ng mga kinakailangang impormasyon sa korte, tribunal, o ahensiyang nag-iimbestiga
- kung saan kinakailangan ng batas sa Australya.


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

Ang Kagawaran ay mayroon ding kapangyarihan sang-ayon sa Batas sa Pagkamamayan na maglalahad sa mga nagtutukoy sa mismong tao para sa mga kinakailangan ng batas sa pagkamamamayan o migrasyon.

Ang Bahaging 4A ng Batas sa Migrasyon ay nagbibigay din ng kapangyarihan sa Kagawaran na maglalahad ng impormasyong personal (kasama na ang mga personal na pagkakilanlan) sa sumusunod na sitwasyon:

- pagtutugma ng mga datos sa:
  - pagkilala, o patunayan ang pagkakilanlan ng isang tao
  - mapadali ang pagka-proseso ng mga taong papasok o papalabas sa Australya
  - makilala ang mga hindi mamamayan na may kasaysayang kriminal, problema sa pagkatao o problema sa pambansang seguridad
  - malabanan ang pagnanakaw sa mga dokumento at pagkakilanlan sa mga bagay na pang-imigrasyon
  - makatulong sa pagpoproseso ng visa
- makilala o malaman ang kinalalagyan ng isang tao (tingnan ang mga bahaging 33FA at 33FC sa Batas sa Migrasyon)
- sa mga natukoy na taga pagsisiyasat na ahensiya katulad ng Pambansang Tanggapan ng Pagtutuos sa Australya (Australian National Audit Office) at ang Komisyonado ng Karapatang Pantao sa Australya (Australian Human Rights Commission)
- upang gumawa ng mga kaayusan sa mga pamahalaang dayuhan para sa pagpapa-alist ng isang tao mula sa Australya o para sa mga pangangailangan sa pagpapabalik ng tao papunta o palabas ng Australya
- upang magamit ang impormasyon sa mga naturing na pamahalaang dayuhang, mga ahensiyang taga-pagpatupad ng batas o taga-pagkontrol ng hangganan ng mga pamahalaang dayuhan, o tinuring na pandaigdigang samahan na may mga layuning mapangasiwaan ang mga problema sa migrasyon (tingnan ang bahaging 5A(3) ng Batas sa Migrasyon)
- para sa pagkakaroon o pagbibigay ng mga tulong tungkol sa mga bagay na pandaigdigang kriminalidad.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga nagtutukoy sa mismong tao, tingnan ang pormang 1243i.

Tungkol sa mga visa ng trabahador, ang Kagawaran ay pinahintulutan ding maglahad ng mga natatanging impormasyong personal tungkol sa mga nag-isponsor o mga mayhawak ng visa sa kanilang may hawak ng visa o nag-isponsor (tingnan ang bahaging 140ZH ng Batas sa Migrasyon at mga regulasyon 2.103, 2.104 at 2.105).

Ang Kagawaran ay awtorisado ring maglahad ng personal na impormasyon sa Immigration and Border Protection tingnan sa (tingnan sa seksyon 4(1) sa Batas ng Lakas sa Hangganan sa limitadong mga pangyayari na nakabuod sa Bahagi 6 ng Batas ng Lakas Hangganan (Border Force Act). Sa ilang mga sitwasyon, pinapayagan ng Border Force Act ang mga paglalahad sa sumusunod na mga ahensya:

- Mga ahensya o may-kapangyarihan ng Komonwelt, estado at teritoryo
- Pulisyang Pederal ng Australya (Australian Federal Police) (AFP) o isang lakas pulisya o serbisyo ng estado o teritoryo
- coroner
- Mga ayon sa batas na nag-oopisina ng komonwelt, estado o teritoryo (halimbawa. isang Ombudsman)
- mga samahan o taong itinakda ng Australian Border Force (Secrecy and Disclosure) (Paglilihim at Paglalahad) Kautusan 2015, gaya ng Australian Red Cross Society
- dayuhang bansa o pampublikong samahang pandaigdig.

Subali't, bilang karagdagan sa iba pang tanging mga kinakailangan sa Bahaging 6 ng Border Force Act, ang paglalahad ng personal na impormasyon sa ilalim ng Border Force Act ay pinapayagan lamang sa isa sa mga entidad na nakasaad sa itaas kung ito ay ginawa para sa isa o higit pang mga 'pinayagang mga pakay' (permitted purposes) na nakalista sa Border Force Act. Mga kabilang na halimbawa kung ang paglalahad ay para sa isa sa mga sumusunod na pakay:

- ang pamamahala o pagpapatupad ng batas pangkriminal o isang batas sang-ayon sa komersyo
- pagtulong sa isang coronial na pag-uusisa pagiimbestiga o inkisisyon (inquest)
- pagpoprotekta sa pampublikong kalusugan o sa buhay o kaligtasan ng isa o higit pang mga tao
- pangongolekta o pagbeberipika ng mga istadistika sa ilalim ng *Census and Statistics Act 1905* (*Batas ng Sensus at Istadistika 1905*) o nang *Australian Bureau of Statistics Act 1975* (*Batas ng Tanggapan ng Istadistikang Australyano 1975*)
- pagpoprotekta sa pampublikong kita
- pagtutukoy sa isang tao o pagbeberipika ng pagkamamamayan o katayuan ng visa
- ang pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong hindi mamamayang Australyano
- ang pamamahala ng National Anti-Doping Scheme
- ang pakay ayon sa imigrasyon, kwarantina o pagkontrol sa hangganan sa pagitan ng Australya at ibang bansa
- mga bagay na sinasakop ng hanay na mga isinabatas kabilang ang Customs Act, Migration Act, Maritime Powers Act, Citizenship Act, IGOC Act at iba pa
- isang pakay na may kinalaman sa depensa o pambansang seguridad.

Pinapayagan din ang Kagawaran na maglahad ng protektadon personal na impormasyon kung ang indibidwal ay pumayag sa paglalahad, ang paglalahad ay kinakailangan upang maiwasan o mabawasan ang malubhang panganib sa buhay o kalusugan ng isang tao o ang impormasyon ay ginawa nang legal na makukuha ng publiko.

Ang Seksyon 51 ng Border Force Act ay nagsasaad na ang mga paglalahad sang-ayon sa ilang mga probisyon ng Bahagi 6 ng Batas ay tatanggaping isang paglalahad na awtorisado ng Batas para sa mga pakay ng Batas Pangpribado.

Dagdag pa, ang isang paglalahad ng impormasyon sa Imigrasyon at Proteksyon sa Hangganan ay pinapayagan sa ilalim ng Batas ng Puwersa sa Hangganan kung ito ay ginawa habang ang pinagkakatiwalaang tao ay nagtatrabaho o nagsisilbi para sa Kagawaran. Titiyakin ng Kagawaran na alinmang klase ng paglalahad ay alinsunod sa Batas sa Pangpribado.

Ang Kagawaran ay awtorisado ring maglahad ng personal na impormasyon na protektadong impormasyon sa ilang limitadong mga pagkakataon na isinasaad doon sa may-kinalamang batas ng adwana gaya ng Customs Act at mga regulasyon.

## Paglalahad ng mga Ulat sa Pagbibiyahe

Ang mga ulat sa pagdating at pag-alis ng mga biyaherong papunta at mula Australya ay itinatago sa talaan ng mga "database". Maaari silang mailahad para sa:

- Batas sa Migrasyon
- ang *Family Law Act 1975* (*Batas sa Pamilya ng 1975*)
- mga batas sa pangongolekta ng buwis sa adwana o sa kalakalan
- mga batas sa kwarantina o kalusugan
- pagpapatupad sa batas
- ang *Education Services for Overseas Students Act 2000* (*Batas sa Mga Serbisyong Pang-edukasyon ng mga Estudyante mula sa Ibayong-dagat 2000*)
- idineklara sa mga batas ng komonwelt, estado o teritoryo, katulad ng pangangasiwa ng mga programa ng "first home owners" o mga programa para sa mga bata at/o mga pangkawanggawa.

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

## Pagbubunyag para sa pagpapatupad ng batas at naaangkop na mga pakay

Mga karaniwang pagbubunyag ng Kagawaran para sa pagpapatupad ng batas at naaangkop na mga pakay (kabilang ang mga aktibidad sa pagpapatupad sa ilalim ng mga Batas ng Migrasyon at Pagkamamamayan (Migration and Citizenship Acts) at mga aktibidad sa pagpapatupad ng iba pang mga samahang tagapagpatupad) makakabilang ang:

- Mga ahensiyang nagpapatupad sa batas sa Australya at ibayong-dagat upang magtasa at magpatupad sa mga kinakailangan sa pagkatao
- Mga ahensiyang nagpapatupad sa batas sa Australya at ibayong-dagat at mga ahensiyang pang-espiya o komisyonado, Mga Serbisyo ng Nagkakaisang Pambansang Pulisya, Interpol, National Border Targeting Centre, CrimTrac, AusTRAC mga komisyonadong nagkokontrol, mga komisyonado ng pagsisiyasat sa parliyamento, pandaigdigang tribunal at mga may kapangyarihan sa imigrasyon sa ibayong-dagat na makilala at mag-imbestiga sa mga katiwalian sa imigrasyon, mga problema sa pambansang seguridad, o hinalang pagkakasangkot sa mga krimen sa giyera o krimen laban sa pantao
- Komisyonado ng Australya para sa Integridad ng Pagpapatupad ng Batas (Australian Commission for Law Enforcement Integrity) para mangasiwa sa *Law Enforcement Integrity Commissioner Act 2006* (*Komisyonado ng Australya para sa Integridad ng Pagpapatupad ng Batas 2006*)
- Sa ATO, DHS at iba pang mga ahensiya ng Komonwelt, estado o teritoryo upang malaman ang kinaroroonan ng mga taong sumuway sa mga patakaran ng kanilang visa sa pagtatrabaho
- Sa AFP at ang kapulisan ng Australya upang malaman ang kinaroroonan ng mga labag sa batas na hindi mamamayan
- Sa Direktor ng Pampublikong Prosekyusyon para sa mga asunto laban sa mga katiwalian sa migrasyon o pagkamamamayan
- Sa mga pamahalaang dayuhan para sa pagpapaalis ng isang labag sa batas na hindi mamamayan
- Sa FWO, mga rehistradong mga institusyong pang-edukasyonal, taga-empleyo, naisponsorang tao, taga-isponsor at mga nagpapadala ng trabahador upang mamamanmanan ang pagpapatupad ng mga kondisyon sa visa at mga sinasagot ng mga nag-isponsor at masabihan ang mga pagkakaroon ng mga pagbabawal
- mga ahensyang nagpapatupad ng batas kabilang ang AFP tungkol sa personal na impormasyon ng mga aplikante ng visa at tagapanukala (proposer) sa ilalim ng programang Pangrefugee at Pangmakatao (Refugee and Humanitarian programme), para matukoy ang anumang pagpapatupad ng batas o pambansang seguridad na mga isyu.

## Mga paglalahad ng Kagawaran bilang isang ahensyang tagapagpatupad ng batas

Ang Kagawaran ay isang ahensyang tagapagpatupad ng batas para sa ilang mga pakay sa ilalim ng sumusunod na mga Batas: ang *Crimes Act 1914*, ang *Criminal Code Act 1995*, ang A*ustralian Nuclear Science and Technology Organisation Act 1987* (ang ANSTO Act) at ang *Independent National Security Legislation Monitor Act 2010* (*Batas mga Krimen 1914, ang Batas ng Koda ng Kriminal 1995 ang Batas ng Organisasyong Pangsiyensyang Nyukliar at Teknolohiya ng Australya ng 1987* (ang ANSTO Act) at *Batas ng Pambansang Pagmamatyag sa Lihislasyong Seguridad ng 2010*), at maaaring maglahad ng personal na impormasyon para magampanan ang kanilang mga katungkulan at gawain sa ilalim ng mga Batas na yaon.

## Iba pang mga paglalahad kaugnay sa pangangasiwa ng programa

### Katiyakan ng suporta

Ang impormasyon tungkol sa pagbibigay ng "Assurance of Support" (katiyakan ng pagtulong) ay ilalahad sa Centrelink upang mapadali ang pagpabalik ng mga binayarang "bond" (piyansa) o pagkikilala at paghahanap sa mga nagkakautang.

### Pagka-empleyo, pagtustos ng mga trabahador, at kakayahan sa negosyo

Ang Kagawaran ay maaaring maglahad ng impormasyon tungkol sa inyong katayuan sa migrasyon, karapatan sa trabaho at uri at katagal ng visa sa mga taga-empleyo, tagatustos ng mga trabahador at mga ibang partido na gumagamit ng inyong serbisyo sa pamamagitan ng kaayusan sa pagtutustos ng trabahador. Halimbawa, kung gustong mag-aplay ng trabaho, ang Kagawaran ay maaaring magsabi sa taga-empleyo o sa tagatustos ng trabahador ng iyong karapatan sa pagtrabaho.

Ang Kagawaran ay maaari ding maglahad ng impormasyon para sa mga Kagawaran at ahensiya sa pang-ekonomyang kaunlaran ng mga estado at teritoryo na makakatulong sa mga may-kakayahan sa pagnenegosyong migrante na magamit ang mga serbisyong pang-impormasyon ng pamahalaan.

### Pagsasanay at edukasyon

Ang impormasyong personal ay maaaring mailahad sa:

- DFAT, ang Kagawaran ng Industriya (Department of Industry) at ang Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) upang makatulong sa mga taong naghahanap ng mapagsasanayan o makapag-aral sa Australya
- Ang Kagawaran ng Pagkaka-empleyo upang malaman ang anumang epekto ng isang panukalang pagbabago sa lugar-trabaho sa pagkaka-empleyo sa Australya
- Ang Kagawaran ng Edukasyon at ang mga kinatawang ahensiya na magtatasa sa mga kwalipikasyong nakuha sa ibayong-dagat pa sa ilang uri ng mga visa
- mga samahang pang-edukasyonal na nagbibigay ng pagsasanay sa paggamit ng wikang Ingles sa ilalim ng Programang "Adult Migrant English"
- mga entidad ng pamahalaan para sa mga pakay ng pamamahala ng mga tagapagdulot ng edukasyon.

### Kalusugan

Ang mga detalye sa kalusugan niyo at mga kapamilya na tinasa para sa inyong aplikasyon sa visa ay maaari ding mailahad sa mga ahensiya ng pamahalaan sa kalusugan at mga tagapagdulot sa pangmedikal upang makatulong kung naabot ang mga kinakailangan sa pagpapayag ng visa, para malaman kung iapagpapaliban ang mga kinakailangang masagot sa kalusugan o para mapangasiwaan ang anumang mga peligro sa kalusugan ng publiko.

### Pagpasok ng Nagsilikas (refugee) at Makatao (humanitarian), at Proteksyon sa loob ng bansa (on shore)

Ang Kagawaran ay maaaring makipagbahagian ng impormasyong personal ng mga nagsilikas at makataong pumasok at ang kanilang mga nagpanukala (proposers) (kung pinapayagan) sa mga kinontratang nagbibigay serbisyo sa ilalim ng Mga Serbisyo ng Makataong Paninirahan (Humanitarian Settlement Services).

Ang Kagawaran ay maaaring magbigay ng impormasyong personal ng mga naghahanap ng mapagsisilungan at mga aplikante para sa "protection" at "humanitarian visas" sa Mataas na Komisyonado para sa mga Nagsilikas ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations High Commissioner for Refugees) (UNHCR) para sa pangangailangang matiyak ang kanilang pagkakilanlan at mga paghahabol na pangmakatao at pangproteksyon.

Ang Kagawaran ay maaari ding magbigay ng impormasyong personal sa Pandaigdigang Samahan sa Migrasyon (International Organization for Migration) upang makatulong sa paghahatid ng mga serbisyo.

### Pagkadetenido

Ang Kagawaran ay maaaring magbigay ng impormasyong personal tungkol sa mga detenido ng imigrasyon sa:

- mga ahensiyang pangkapakanan sa estado at teritoryo tungkol sa mga alternatibong kaayusan sa pagkadetenido, pagkakaalaga ng mga menor de edad na walang kasama o pag-iingat sa mga detenidong may-kapansanan sa katawan at pag-iisip


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020

- mga kulungan sa estado at teritoryo upang mapadali ang paglilipat at pagkakatiyak ng katayuan sa imigrasyon
- mga nagbibigay ng serbisyo sa pagpoproseso sa labas ng bansa upang makatulong sa mga paglilipat
- mga paaralan, nagtatrabaho sa medikal at kalusugan at naglilingkod sa mga serbisyong pangkapakanan o mga tagapayo sa migrasyon na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo o mga pagtatasa sa mga mapagpipilian upang makatulong sa inyo at pamilya na makaalis.

### Kapakanan at proteksyon ng mga bata

Ang impormasyong personal ng mga bata, at/o mga magulang/tagapagtanggol/tagapag-alaga sa mga bata ay maaaring ilahad sa mga ahensiya sa pagkakaprotekta at kapakanan ng mga bata, sa mga ahensya ng kapakanan ng bata ng estado/teritoryo, pulisya ng estado/teritorryo o iba pang naaangkop na mga ahensya ng Pamahalaang Australyano upang:

- ma-organisa at mamamanmanan ang mga kaayusan sa pagkaka-alaga at kapakanan sa detensyon ng imigrasyon at/o sa komunidad
- mag-imbestiga ng maaaring pagkakaabuso o pagkakapabaya
- mapadali ang mga kaayusan sa pagbibiyahe at pag-uulat.

Ang impormasyon tungkol sa mga batang pumapasok sa Australya para maampon ay maaaring mailahad sa mga samahang pangkapakanan ng estado at teritoryo, Mga Maykapangyarihan sa Sentral na Pag-aampon ng Australya (Australia's Central Adoption Authorities) at Pagpapaampon sa Iba-ibang bansa ng Australya (Intercountry Adoption Australia).

### Impormasyon sa mga embahada, komisyonado at konsulado upang makahingi ng mga dokumento sa pagbibiyahe

Kung kayo ay binigyan ng visa upang makalabas ng bansa o walang legal na batayan upang manatili sa Australya, kayo ay inaasahang umalis. Kung kayo hindi makakakuha ng wastong dokumento sa paglalakbay sa loob ng resonableng panahon, madalas na ginagawa ng Kagawaran ang mag-aplay nito para sa iyo. Ito ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataon para makagawa ng mga kaayusan upang makaalis.

Ang Kagawaran ay magbibigay din ng kaunting impormasyon kinakailangan ng natatanging embahada, komisyonado at konsulado upang mapadali ang pagbibigay sa iyo ng dokumento sa pagbiyahe. Maaaring kasama rito ang inyong pangalan, mga detalye ng kasalukuyang pasaporte o iba pang dokumento ng pagkakilanlan at mga detalye ng matatawagan.

### Pagkamamamayan

Ang Kagawaran ay maaaring magbigay ng impormasyong personal liban pa sa mga personal na pagkakilanlan sa:

- mga konseho ng lokal na pamahalaan at iba pang mga samahan para sa pagkakaroon ng mga seremonya ng pagkamamamayan
- Tanggapan ng Opisyal na Kalihim ng Gobernador-Heneral at ang Kagawaran ng Punong Ministro at Kabinete upang makapagdesisyon tungkol sa mga aplikasyon sa mga gawad Australyano
- Mga Miyembro ng Parliyamento at mga konsehal ng lokal na pamahalaan para mabati nila ang mga bagong mamamayan sa komunidad Australyano.

### Pagsasaliksik sa migrasyon

Maaaring magamit ang impormasyong personal para sa mga sarbey ng kasalukuyan at nakalipas na mga kliyente. Maaaring mailahad ang impormasyong personal sa mga ibang ahensiya at mga kinontratang pangkat para sa pagsasaliksik, pag-iimbestiga at pag-aanalisa sa patakaran at/o paggawa ng programa. Limitado ang paggamit ng mga ito sang-ayon sa nakasaad sa kontrata ng mga layunin sa pananaliksik at iniuutos ang pagkakasira ng mga ito kapag tapos na ang pananaliksik. Ang mga nakalap na datos na gamit sa pananaliksik ay mabubura ang pagkakilanlan bago ito maipahayag.

Ang impormasyong personal ay maaaring mailahad sa Australian Bureau of Statistics upang makatulong sa demograpikong pagsasaliksik tungkol sa mga bagong dating at pagsusuri sa mga ibat-ibang programa ng migrasyon at mga resulya ng paninirahan.

Ang impormasyong tungkol sa mga kararating ay maaaring ibigay sa mga ahensiya ng estado at teritoryo s o mga samahang pangserbisyo sa mga migrante upang makatulong sa paggawa ng mga plano at mga serbisyo sa paninirahan.

## Mga mahalagang pangyayari sa mundo

Ang impormasyong personal ay maaaring mailantad sa mga ahensiya ng Pamahalaang Australyano, kasama na ang mga ahensiya sa estado at teritoryo, na may mga magkakaugnay na papel sa mga malalaking pandaigdigang kaganapan, katulad ng mga malalaking tagisan sa isport at laro, mga pandaigdigang miting ng mga pinuno ng mga bansa, pandaigdigang pagtitipon o kapistahang panglipunan, pangkultura at pangrelihiyon.

Ang Kagawaran ay maaari ring gumamit at maglahad ng mga hindi delikadong impormasyon sa mga samahang Australyano at pandaigdigan at mga ibang bansa upang mapadali ang pagkakaroon ng mga kaayusan.

## Impormasyon tungkol sa patakaran ng pagkapribado ng Kagawaran

Ang kopya ng patakaran sa pagkapribado ng Kagawaran ay makukuha mula sa website ng Kagawaran **https://www.homeaffairs.gov.au/access-and-accountability/our-commitments/privacy**

Ang patakaran ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa:

- kung paano kayo makakakuha ng inyong impormasyong personal na hawak ng Kagawaran at nang makahingi ng pagpapabago nito
- kung paano kayo makapagrereklamo tungkol sa pagkakasala sa pagkapribado at kung ano ang proseso ng pagrereklamo sa Kagawaran.

## Paglalahad ng inyong impormasyon sa mga tatanggap sa ibayong-dagat

Ang Kagawaran ay gumagamit ng mga IT kontratista sa labas upang magpadala at maitago ang mga datos kasama na ang mga nagbibigay ng serbisyo na nasa ibayong-dagat.

Sa ilang sitwasyon, kami ay nagbibigay ng impormasyong personal sa mga taga-ibayong-dagat. Kadalasan, ang iyong dating tirahang bayan o pinanggalingan ang makakatanggap nito (liban lamang kung kayo ay may mga paghahabol laban sa mga bansang ito at naghihintay ng resulta sa mga kasong ito). Kasama rito ang mga pagbubunyag sa mga kompanya ng eroplano o ahente ng paglalakbay tungkol sa "advanced passenger processing" at "electronic visa processing".

Ang Kagawaran ay nagbibigay pa ng impormasyon sa mga ibang bansa o mga pandaigdigang samahan na may kasunduan ng pagbabahagian ng impormasyon sa Australya. Kabilang ngunit hindi limitado sa, Estados Unidos, ang Inglatera, Canada at New Zealand. Itong pagbabahagian ng impormasyon ay maaaring may kahalong pagbabahagian ng mga biometric (mga nagtutukoy sa mismong tao).

Kung mayroong kapareha sa iyong mga personal na pagkakilanlan, ang Kagawaran ay maaaring magbigay ng mga datos sa iyong buhay, kopya ng mga dokumento tungkol sa iyong pagbibiyahe at iba pang pagkakilanlan o impormasyon mula sa mga dokumento, ang inyong kalagayan at kasaysayan sa imigrasyon (na maaaring kasama ang anumang mga paratang o katiwalian sa imigrasyon) at mga kaugnay na impormasyon tungkol sa mga gawaing kriminalidad.

Ang layunin ng paglalahad ay upang matiyak ang iyong pagkakilanlan at malaman kung nagbigay na kayo ng kaparehong pagkakakilanlan sa mga ibang ahensiya na may kaparehong mga paghahabol.

Kung kayo ay nag-aaplay ng visang pangmakatao o pangproteksiyon sa labas base sa mga paghahabol laban sa pamahalaan ng isang partikular na bansa, ang Kagawaran ay hindi magbibigay ng iyong impormasyong personal sa pamahalaang iyon, liban lamang kung kayo ay nasa Australya at kayo ay:

- humingi o pumayag na bumalik sa bansang ito, o
- nalamang hindi isang tao na obligadong protektahan ng Australya.

| | |
|---|---|
| *Home page (webpage)* | **www.homeaffairs.gov.au** |
| *Pangkalahatang linya ng teleponong mapagtatanungan* | Tumawag sa telepono na **131 881** sa oras ng may-opisina sa Australya upang makausap ang opereytor (may naka-record na impormasyon na mapapakinggan sa labas ng mga oras ng opisina). Kung kayo ay nasa labas ng Australya, mangyari pong tumawag sa pinakamalapit na konsulado ng Australya. |


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2020